



# 10 mabuting dahilan para iboto ang KrF

## 1. Mas maraming panahon para sa pamilya

Ang mga ligtas na pamilya ay pinagmumulan ng mga ligtas na anak. Itinataguyod ng KrF ang mas matibay at mas ligtas na mga pamilya na may oras para sa isa't isa. Lahat ng mga bata ay kakaiba at lahat ng mga pamilya ay magkakaiba. Gustong magbigay ng KrF ng kalayaang pumili at higit na pag-ayon ang mga pamilya para ayusin ang pang-araw-araw nilang buhay, na may mas mahusay na suportang pinansiyal, mahuhusay na kindergarten at mahigit pa.

## 2. Mas maraming guro sa mga paaralan

Gusto ng KrF ang paaralang tumutingin sa lahat. Para mangyari ito, dapat ay mas marami ang guro sa silid-aralan at mas maraming tao na may magkakaibang background sa propesyon sa mga paaralan. Ang paaralan ay dapat arena ng kaalaman, at nagtuturo din ng pinahahalagahan na makakatulong sa mga mag-aaral labanan ang buhay. Ipagpapatuloy ng KrF ang laban sa pagbu-bully.

## 3. Dignidad ng tao sa lahat ng yugto ng buhay

Lahat ng tao ay may patas na halaga, anuman ang kanilang mga katangian o kakayahan. Lalabanan ng KrF ang kanilang dignidad bilang tao sa lahat ng yugto ng buhay, mula sa pagbubuntis hanggang sa natural na kamatayan. Walang maihihiwalay dahil sa kalidad nila! Tumatanggi ang KrF sa pagpapalaglag para mabawasan ang pagkakambal at sumasang-ayon sa higit pang tulong at suporta sa mga may anak na may espesyal na pangangailangan. Umo-oo tayo sa walang kirot na pangangalaga sa huling yugto ng buhay, at tumatanggi sa euthanasia.

## 4. Nasa panig ng mga higit na nangangailangan

Walang dapat maiwan! Gusto ng KrF ng inklusibong merkado ng trabahador kung saan ang lahat ay makakapaglapat ng kanilang pagiging malikhain at mga talento. Gusto naming magbigay ng mga mabuting opsyon sa paggamot sa mga taong nagdurusa mula sa pang-aabuso sa sangkap, lalo na ang mga inorganisa ng non-profit na sektor. Lalabanan ng KrF ang pangangalakal ng tao at modernong pang-aalipin, at magtatrabaho laban sa karahasan at pang-aabuso ng mga bata.

## 5. Mga masisiglang lokal na lipunan

Gusto ng KrF na sumali lahat ng rehiyon ng bansa! Gusto namin ng agrikulturang polisiya na nagbibigay ng dagdag na produksiyon ng pagkain, pinahusay na pagpapaunlad ng kita ng mga mambubukid at pinatibay na proteksiyon ng lupa. Kailangan natin ng higit pang pagpapaunlad ng broadband, mas ligtas na mga kalye at mas mahusay na alternatibo sa transportasyon sa riles,

kalye at ibang pampublikong transportasyon. Nais ng KrF ng mga alternatibo na mas mahuhulaan at mas madaling magsimula ng mga bagong negosyo.

## 6. Walang alam na hangganan ang kahabagan

Hindi dapat tayo kailanman tumingin paloob, may responsibilidad tayong tulong ang pinakamahirap sa mundo sa pamamagitan ng banyagang tulong, pangangalakal, pamumuhunan at suporta sa demokrasya. Dapat nating siguruhin ang mataas na kalidad ng banyagang tulong na papunta sa edukasyon, pangangalaga ng kalusugan at mabuting pamamahala.

## 7. Mga pinahahalagahang nagtatagal

Hindi natin maaaring balewalain ang ating mga pinahahalagahan! Nais ng KrF preserbahin ang mga pinahahalagahan kung saan tinatag ang Norway. Kailangan natin malaman kung saan tayo galing upang maging seguro kapag nakakakilala ng mga bagong tao at kultura. Nais ng KrF ang lipunan kung saan may lugar para sa pananampalataya at ispirituwalidad. Binubuo ng KrF ang mga polisiya nito sa Kristiyanong pananaw ng sangkatauhan, kahabagan at mabuting pamamahala. Ito ay mga pinahahalagahang nagtatagal.

## 8. Dignidad para sa matatanda

Ang matatanda ay mahusay na dulugan ng lipunan at dapat maaaring mamuhay nang independiyente, aktibo, ligtas na buhay at maaaring manatiling malusog sa tagal na posible. Kailan man nila kailangan ng tulong, ang matatanda ay dapat handugan ng pangangalaga sa kalusugan, angkop na akomodasyon at karagdagang tulong. Dapat kang mabuhay ng mabuti at makabuluhang buhay na may responsibilidad sa sarili mo at sarili mong kalusugan kung may kakayahan kang gawin ito.

## 9. Patakaran sa opensibang klima

Dapat gawing responsibilidad ng Norway na bawasan ang pagbabago sa klima, sa nasyonal na pagbabawas sa ating emisyon at aktibong internayonal na pag-aambag. Dapat nating protektahan ang mga mahihinang lugar, at humihindi ang KrF sa paghukay para sa langis sa Lofoten, Vesterålen at Senja. Dapat nating pabilisin ang transisyon sa paggamit ng bagong pagkukunan ng mga renewable na enerhiya.

## 10. Ihinto ang pangangalakal ng tao

Ang modernong pang-aalipin ay kailangan ng pagkilos. Ang mga tao sa Norway ay sumasailalim din sa sapilitang pagtatrabaho, pangangalakal ng tao at prostitusyon. Gusto ng KrF tulong ang mga biktima ng pangangalakal ng tao sa pamamagitan ng specialized na yunit ng kapulisan at mga pang-iwas na pamamaraan tulad ng dagdag na kaalaman at kabatiran.